Na ang Sugo ni Allah pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-at dumating sa Minā,Pumunta siya sa Jamrah at bumato siya rito,pagkatapos ay dumating siya sa bahay niya sa Minā at naghandog ng Sakripisyo,pagkatapos ay sinabi niya sa barbero:((Kunin mo)) at itinuro niya ang tagiliran niya sa bandang kanan,pagkatapos ay sa kaliwa,pagkatapos ay ipinamigay niya ito sa mga tao

Ayon kay Anas bin Mālik-malugod si Allah sa kanya-Na ang Sugo ni Allah pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-at dumating sa Minā,Pumunta siya sa Jamrah at bumato siya rito,pagkatapos ay dumating siya sa bahay niya sa Minā at naghandog ng Sakripisyo,pagkatapos ay sinabi niya sa barbero:((Kunin mo)) at itinuro niya ang tagiliran niya sa bandang kanan,pagkatapos ay sa kaliwa,pagkatapos ay ipinamigay niya ito sa mga tao.at sa isang salaysay:Nang siya ay nagbato sa Jamrah,at naghandog ng sakripisyo na kakatayin nito at nagpagupit siya,Tumindig ang barbero banda nitong kanan,at ginupitan siya nito,pagkatapos ay tinawag niya si Abū Talhah Al-Ansārī-malugod si Allah sa kanya-ay ibinigay niya ito sa kanya(ang buhok),Pagkatapos ay tumindig siya sa banda nitong kaliwa,at nagsabi siya:((Gupitin ko)),ginupit niya ito, at ibinigay ito kay Abū Talhah,Nagsabi siya:((Hatiin mo ito sa pagitan ng mga tao))
[Tumpak] [Isinaysay ito ni Imam Muslim sa dalawang salaysay niya]

Nang dumating ang Propeta pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-sa Hajj ng pamamaalam sa Minā,sa araw Eid,ay nagbato siya sa Jamrah,pagkatapos ay pumunta siya sa bahay nito,at naghandog ng sakripisyo nito,pagkatapos ay tinawag niya ang barbero at ginupitan niya ang buhok nito,at itinuro niya pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-ang banda nitong kanan,at nagsimula ang barbero sa banda nitong kanan,pagkatapos ay tinawag niya si Aba Talhah malugod si Allah sa kanya-ang Al-Ansārī, at ibinigay niya ang lahat ng buhok (na nagupit) sa bandang kanan,pagkatapos ay ginupitan niya ang natitirang buhok nito,at tinawag niya si Abū Talhah,at ibinigay Miya sa kanya ang mga ito,at nagsabi siya:"Hatiin mo ito sa pagitan ng mga Tao"At hinati niya ito,Kabilang sa mga tao ang nakakuha ng isang piraso ng buhok lamang,at ka ilang sa kanila ang dalawang piraso ng buhok,at kabilang sa kanila ang may maraming nakuha,ayon sa naging madali (sa para sa kanila),at ito sa layuning Pagpapala sa banal na buhok na ito,Ang buhok ng Propet-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan.At ito at ipinapahintulot at lalong-lalo na kapag galing sa mga bakas niya-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan.